**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume V, Issue IV**
**May 2024**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

# INTEGRATIBONG DULOG SA PAGTUTURO AT ANTAS NG PAG-UNAWA SA PAGBASA AT KASANAYAN SA PAGSULAT

**BOBBY C. BUENDIA, LPT, MAED**
Teacher III
Fernando Air Base Integrated National High School
National University Lipa
bobby.buendia2@gmail.com

## ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito na may pamagat na **"Integratibong Dulog sa Pagtuturo at Antas ng Pag-unawa sa Pagbasa at Kasanayan sa Pagsulat"** na may layuning matukoy ang antas ng pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng integratibong dulog at kaugnayan sa antas ng pag-unawang literal at ganap gayundin kasanayan sa pagsulat. Matapos isagawa ang pananaliksik na ito ay nabuo ang mga sumusunod na paglalagom:

**Lubhang napakaepektibo** ng integratibong dulog sa pagtuturo ayon sa pananaw ng mga mag-aaral. Sa katunayan, **napakaepektibo** ng paggamit ng *content-based instruction* samantalang **lubhang napakaepektibo** naman ang paggamit ng *thematic teaching.*

Higit na mas marami ang mga mag-aaral na may **katamtamang** antas ng pag-unawa sa binasa sa *pre-test* samantalang mas lumamang ang mga nasa **pinakamahusay** na antas ng pag-unawa sa *post-test* o pagkatapos gamitin ang *content-based instruction.* Gayundin, natuklasang higit na mas maraming mag-aaral ang nasa **mahusay** na antas sa *pre-test*

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume V, Issue IV**
**May 2024**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

samantalang pagkatapos gamitin ang *thematic teaching* ay mas marami ang mga nasa **pinakamahusay** na antas.

Sa mga kasanayan sa pagsulat partikular sa *Content-Based Instruction* natuklasan sa pag-aaral na ito na nasa **pinakamahusay** na kasanayan na ang mag-aaral sa *pre-test* at nasa **pinakamahusay** pa ring kasanayan sa *post-test* sa Pagkilatis sa Kahalagahan ng mga Kaisipan at Kabisaan, sa Pagsasanib ng Kaisipang Nabasa at Naranasan at Paglikha ng Sariling Kaisipan.

Sa kabilang banda, sa *Thematic Teaching* natuklasan ding nasa **pinakamahusay** na kasanayan na ang mag-aaral sa *pre-test* at nasa **pinakamahusay** pa ring kasanayan sa *post-test* sa Pagkilatis sa Kahalagahan ng mga Kaisipan at Kabisaan, sa Pagsasanib ng Kaisipang Nabasa at Naranasan at Paglikha ng Sariling Kaisipan.

**Mayroong makabuluhang pagkakaiba** ang mga iskor sa *pre-test* sa antas ng pag-unawa sa pagbasa at sa kasanayan sa pagsulat sa mga iskor sa *post-test* gamit ang *Content-Based Instruction* at *Thematic Teaching.*

**Walang makabuluhang kaugnayan** ang integratibong dulog sa pagtuturo sa antas ng pag-unawa sa pagbasang literal at ganap at sa kasanayan sa pagsulat na Pagkilatis ng Kahalagahan ng mga Kaisipan Kabisaan, Pagsasanib ng Kaisipang Nabasa at Naranasan at Paglikha ng Sariling Kaisipan gamit ang *content-based instruction* at *thematic teaching*. Batay sa kinalabasan ng pag-aaral na ito, lumabas na:

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

**Di-tanggap (*rejected)*** ang panimulang haka o haypotesis ng pag-aaral na ito sapagkat napatunayang **mayroong makabuluhang pagkakaiba** ang antas ng pag-unawa sa pagbasa sa mga iskor ng *pre-test* at *post-test* ng mga mag-aaral gamit ang *Content-Based Instruction* at *Thematic Teaching.*

**Di-tanggap (r*ejected)*** ang ikalawang haka o haypotesis sapagkat **mayroong makabuluhang pagkakaiba** ang kasanayan sa pagsulat na mga iskor ng *pre-test* at *post-test* ng mga mag-aaral gamit ang *Content-Based Instruction* at *Thematic Teaching.*

Sa kabilang banda, **tanggap** (***accepted)*** ang ikatlong haka o haypotesis sapagkat napatunayan na **walang makabuluhang kaugnayan** ang integratibong dulog sa pagtuturo sa antas ng pag-unawa sa pagbasang literal at ganap at sa kasanayan sa pagsulat na Pagkilatis ng Kahalagahan ng mga Kaisipan Kabisaan, Pagsasanib ng Kaisipang Nabasa at Naranasan at Paglikha ng Sariling Kaisipan gamit ang *content-based instruction* at *thematic teaching*. Malinaw na ipinakikita sa pag-aaral na ito na bago pa man gamitin ang integratibong dulog ay nasa mataas na antas ng pagbasa at mataas na kasanayan ng pagsulat na ang mga mag-aaral kaya lumabas na walang makabuluhang kaugnayan ang dulog na ito. Samakatuwid, bagaman tumaas ang mga iskor ng pre-test kumpara sa post-test, wala itong kaugnayan sa pagtuturo.

***Keywords –*** *antas ng pag-unawa sa pagbasa, integratibong ulog, kasanayan sa pagsulat , pagtuturo, Filipino*

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume V, Issue IV**
**May 2024**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

**PANIMULA**

Ang paraan ng pagtuturo ay parang isang libro, ang tradisyunal na pagtuturo ang unang rebisyon at ang makabagong paraan naman ay ang pinakabagong rebisyon sa proseso ng pagkatuto ng mag-aaral.

Anomang paraan ang ginagamit ng mga guro, ang mahalaga ay pamamaraan ng pagtuturo ng guro at ang istilo ng pagkatuto ng mag-aaral na siyang tumutukoy sa kaparaanan nila ay mas higit na gusto ng mga mag-aaral para sa kanilang pag-aaral. Dahil sila ang nagkaroon ng pagkatuto sa anumang mabisang dulog na ginagamit ng guro.

Napansin ng guro na nagiging makabuluhan ang talakayan ng klase gamit ang dulog integratibo.

Ang dulog integratibo ay isa sa mga dulog pampagtuturong ginagamit sa ika-21 siglong edukasyon.

[1} Nasa ilalim ng integratibong dulog ang teorya ng integratibong pagkatuto na naglalarawan ng pagsasanib ng mga araling tumutulong sa mga mag-aaral na makabuo ng koneksyon tungo sa iba't ibang disiplina.

[2] Malaki ang tungkuling ginagampanan ng mga guro sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang bawat guro ay naghahangad na mauunawaan ng mga mag-aaral ang kanyang itinuturo, kaya nararapat lamang gumamit siya ng angkop na dulog para matutunan ang pangangailangan bunga ng pagkakaiba-iba ng kanyang mga mag-aaral. Ang paggamit ng dulog ay isang mabisang

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume V, Issue IV**
**May 2024**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
**************************************************************************************************************

instrumento upang magkaroon ng epektibong interaksyon sa pagitan ng guro at mag-aaral habang sila'y nagbabahaginan ng kanilang kaalaman, karanasan, pananaw at paniniwala.

[3] Ang makabagong dulog ay naaayon sa takbo ng panahon. Ibig sabihin nababago ang mga pamamaraan ng pagtuturo sa paglipas ng mga henerasyon upang manatiling buhay at makabuluhan ang pagtuturo ng isang guro. Kinakailangang angkop ang mga gagamiting dulog sa pagtuturo, maging masusi sa pagpili ng mga pagdulog na naaayon sa antas ng mga mag-aaral.

[4] Kapansin-pansing na ang pagtuturo sa Filipino ay unti-unti nang nakakamit ang mga mithiing katangian gaya ng integratib dahil nakaintegreyt ang lahat ng mga mabisang kasanayan.

## MATERIALS

### A. Questionnaire

Mahal na Respondente,

Pagbati!

Ako po ay kasalukuyang nagsasagawa ng aking pag-aaral o pananaliksik hinggil sa **Integratibong Dulog sa Pagtuturo at Antas ng Pag-unawa sa Pagbasa at Kasanayan sa Pagsulat.**

Mangyari pong pakisagutan nang buong katapatan ang mga tanong sa ibaba.

Mananatili pong kompidensyal ang inyong kasagutan dito.

**************************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto
**************************************************************************************************************

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume V, Issue IV
May 2024
Available online at https://www.instabrightgazette.com

Pangalan (Opsyunal): ________________ Baitang/Seksyon: _______________

**I. Pananaw Ukol sa *Content-Based Instruction Themes, Text, Topic, Threads, Tasks, Transitions (6 T's) ng* Integratibong Dulog sa Pagtuturo**

Ang sumusunod ay talaan ng mga kaalaman hinggil sa Content-Based Instruction ng Integratibong Dulog. Lagyan ng tsek (/) ang bawat indikeytor batay sa bisa kung gaano ito kaepektibo sa iyong pag-aaral sa pamamagitan ng sumusunod na opsyun:

Batayan (*Legend*)

5- Lubhang Napaka-epektibo

4- Napaka-epektibo

3- Epektibo

2- Di-gaanong Epektibo

1- Di-epektibo

| ***Sa pagbabasa ng mga akdang pampanitikan, epektibo ang...*** | **5** | **4** | **3** | **2** | **1** |
|---|---|---|---|---|---|
| 1. Pag-uugnay ng binabasa sa ibang mga disiplina tulad ng agham, Araling Panlipunan, Sining atbp. | | | | | |
| 2. Pakikisangkot ng binabasang tumatalakay sa isyung panlipunan. | | | | | |
| 3. Paggamit ng *Directed Reading Thinking Activity (DRTA)* | | | | | |
| 4. Pagtukoy sa tema bilang yunit ng mga kaisipan. | | | | | |
| 5. Pag-alam sa sanligang kaalaman ng teksto upang matukoy ang mga yunit ng tema. | | | | | |

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume V, Issue IV
May 2024
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| 6. Pagtukoy sa mga sab-yunit para mapalalim ang ispesipikong tema. | | | | | |
| 7. Pag-uugnay at pagdurugtong ng tema sa kurikular na kawing. | | | | | |
| 8. Paggamit ng mga *role playing at sociodrama.* | | | | | |
| 9. Pagsasaalang-alang sa mga binalangkas na gawain sa bawat yunit. | | | | | |
| 10. Paggamit ng mga grapikong pantulong tulad ng *web map, semantic webbing, word recognition*, tsart, atbp. | | | | | |
| 11. Pagsipat sa konteksto ng binabasa. | | | | | |
| 12. Pagbibigay diin sa 'pagpapatao para sa kapwa tao' (Habijan:2018). | | | | | |
| 13. Pag-oorganisa ng *content* para sa diskursong gamit. | | | | | |
| 14. Paggamit ng *bubble tree, ladder web, cycle graph* at *concept cluster, venn diagram, concept map,* atbp. | | | | | |
| 15. Pagbalanse ng pangunahing yunit at sab-yunit na iniugnay na ibang asignatura. | | | | | |

**II. Pananaw Ukol sa *Thematic Teaching (Apply, Analyze, Conceptualize Experience) ng* Integratibong Dulog sa Pagtuturo**

Ang sumusunod ay talaan ng mga kaalaman hinggil sa *Thematic Teaching* ***(Apply, Analyze, Conceptualize Experience)*** ng Integratibong Dulog. Lagyan ng tsek (/) ang bawat indikeytor batay sa bisa kung gaano ito kaepektibo sa iyong pag-aaral sa pamamagitan ng sumusunod na opsyun.

Batayan (*Legend*)

5- Lubhang Napaka-epektibo

Editorial Team
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume V, Issue IV
May 2024
Available online at https://www.instabrightgazette.com

4- Napaka-epektibo

3- Epektibo

2- Di-gaanong Epektibo

1- Di-epektibo

| *Sa pagbabasa ng mga akdang pampanitikan, epektibo ang…* | **5** | **4** | **3** | **2** | **1** |
|---|---|---|---|---|---|
| 1. Pagbuo ng tiyak na kaalaman matapos ang isang gawain o *task* | | | | | |
| 2. Paggamit ng mga kolaboratibong diskusyon. | | | | | |
| 3. Pagtukoy sa mga Konkretong Kaisipan at Awtentik na Suliranin | | | | | |
| 4. Pagplano ng mga mag-aaral para sa Kolektib na Responsibilidad para sa Kaalaman ng Komunidad. | | | | | |
| 5. Pagtukoy sa mga suliranin at pagbuo ng mga konsepto sa pagresolba nito, | | | | | |
| 6. Pagbalido ng kaalaman gamit ang mga suliranin at agwat ng bawat isa sa lipunan | | | | | |
| 7. Pag-*transform* ng silid-aralan tungo sa isang lipunang ginagalawan. | | | | | |
| 8. Pagbuo ng publikong opinyon para sa mulat sa lipunan na maaaring nasa *digital format* | | | | | |
| 9. Pakikibahagi sa reflektib na interpretasyon | | | | | |
| 10. Paggamit ng paghuhusga at pagbuo ng adaptib na desisyong pangsilid-aralan para matukoy at makilala ang iba't ibang konteksto at posibilidad. | | | | | |
| 11. Paggamit ng *blog, micro-blog, wiki at virtual* na pantulong. | | | | | |
| 12. Pagbuo ng mga reaksiyong-papel hinggil sa temang pinag-uusapan | | | | | |

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| 13. Paggamit ng mga simulasyon sa diskusyon ng tema | | | | | |
| 14. Pagbuo at paggamit ng mga balangkas | | | | | |
| 15. Paggamit/Pagbuo ng mga tsart | | | | | |

Maraming salamat sa oras at talino mo sa pagtugon sa talatanungan ito.

**B. Pre-Test/Post-Test**

I. Panuto: Basahin ang mga tanong sa ibaba at piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang tawag sa binasang akda? (Pag-unawang Literal)

a. mitolohiya b. alamat

c. maikling-kuwento d. palaisipan

2. Alin sa mga sumusunod ang **HINDI** dahilan kung bakit idinaraos ang isang cañao? (Pag-unawang Literal)

a. upang magpasalamat sa santo ng barangay

b. upang pasalamatan si Kabunian

c. upang malabanan ang kamalasang darating

d. upang magsaya ang buong tribu

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

# INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume V, Issue IV
May 2024
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

| |
|---|
| 3. Ano ang **PINAKAPINAGKATULAD** ng mitolohiya sa isang alamat? (Pag-unawang Literal)<br><br>a. parehong may kababalaghan<br><br>b. pinarurusahan ang masasamang tauhan<br><br>c. parehong may diwata<br><br>d. parehong kathang-isip |
| ***A.*** *Sa di nalalayong nayon ng Rawis sa Cabiculan, may isang kabigha-bighaning dilag na tinaguriang prinsesa Magayon. Maraming ang umiirog sa nasabing dilag sapagkat siya ay may magandang kutis. Siya ay anak ni Datu Makusog at reyna Dawani. Si Makusog ay pinapayuhan na makipag-isang dibdib na ang kaniyang anak na nasa tamang gulang na. Ngunit si Magayon ay wala pang nagugustuhan na mangingirog. Nais lamang niya magpakasal sa kaniyang iniibig. Si Panganoron ay matapang na anak ni Datu Karilaya, isang Tagalog.* |
| |
| **B.** Isang tanging piging iyon upang mag-alay ng Kabunian, ang pinakadakilang bathala. Kanina, sa pagtungo sa Lifu-o sa kaingin, ay nakakita siya ng isang uwak sa gitna ng daan. Iyon ay isang masamang pangitain. Bumalik na siya sa kanilang *ato*. Ipinasiya ni Lifu-o na |

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume V, Issue IV**
**May 2024**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
********************************************************************************************************

tawagin ang mga *intugtoka.* Ibig niyang magdaos ng cañao. Ibig niyang ganapin iyon sa kanilang *af-fong*.

4. Sa anong dahilan nagkaiba ang aspetong sosyo-ekonomikal ng dalawang akdang binasa sa itaas? (Pag-unawang Literal)

a. pamumuno ang binibigyang-pokus sa akda A na hindi masasalamin sa akda B

b. pag-iibigan ang tinatalakay sa akda A samantalang pagsamba naman ang sa akda B

c. pagkakaingin ang ikinabubuhay sa akda A samantalang pangingisda naman sa akda B

d. pagtingin sa isang magandang dalaga ang binibigyang-atensiyon sa akda A na wala sa akda B

5. Sa akdang inyong binasa na may pamagat na "Ang Matandang Kuba sa Gabi ng Cañao", paano ito nagpakita ng kaugnayan sa pagpapahalagang kultural?
(Pag-unawang Literal)

a. binibigyang pagkilala ang pangkat-etniko ng bansa

b. ipinakikilala ang natatanging kultura ng mga Ifugao

c. nagpapakita ng pagkakakilanlan ng mamamayang Pilipino

d. tinatalakay ang isang kultura upang hindi mabura sa lipunan

********************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto
********************************************************************************************************

6. Ano ang kakaibang katangian ng mito na hindi matatagpuan sa katangian ng alamat at kuwentong bayan? (Pag-unawang Ganap)

a. ito ay tumatalakay sa pamahiin ng isang lugar

b. ang mga tauhan ay nagtataglay ng iba't ibang kapangyarihan

c. tumutukoy sa pinagmulan ng mga bagay-bagay

d. nagpapakita ng natatanging kultura ng isang bayan

7. "Tila sa isang panaginip, lumakad itong papalapit sa puno ng ginto. Ang kinang ng puno sa paningin ni Lifu-o ay lalong nagpaningning sa kagandahan ng anak. Ihahabi ni Napat-a si Sabsafung ng damit na ginto." Anong negatibong pag-uugali ang masasalamin dito? (Pag-unawang Ganap)

a. kasakiman     b. karamutan

c. katakawan     d. kabaliwan

8. Ang puno ng ginto ay dinumog. Ibigay ang tamang klino ng salitang dinumog? (Pag-unawang Ganap)

a. pinuntahan- pinagkaguluhan- dinumog

b. dinumog- pinagkaguluhan- pinuntahan

c. pinuntahan- dinumog- pinagkaguluhan

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume V, Issue IV
May 2024
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

d. dinumog- pinuntahan- pinagkaguluhan

9. Sa kabila ng pagiging mahusay at mabuting lider ni Lifu-O ay hindi pa rin niya ganap na nakamit ang panalangin kay Kabunian. Ano ang **mahihinuha** sa naging wakas ng akda? (Pag-unawang Ganap)

a. Kinuhang muli ni Kabunian ang regalo upang paghirapan ng mga tao

b. Nagkagulo ang mga tao sa punong ginto

c. Hindi na kailanman nagdiwang ang mga tao ng cañao

d. Lumubog sa lupa ang punong ginto

10. Kung bibigyan ka ng pagkakataong pumili ng bagong pamagat ng akda, alin sa mga sumusunod ang pinakaangkop? (Pag-unawang Ganap)

a. Bakit Hinuhukay sa Lupa ang Ginto?

b. Ang Alamat ng Ginto

c. Ang Dulot ng Kasakiman ng Tao

d. Ang Cañao

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

II. Pagsulat.

Panuto: Sumulat ng hinihinging kaisipan sa bawat bilang. Isaalang-alang ang rubriks sa ibaba.

A. Sumulat ng talata ukol sa tanong na, "Anong pangyayari sa akda ang naging matibay na batayan o ebidensiya upang mapatunayang naging mabisa ang paglalahad ng kuwento? (Pagkilatis sa Kahalagahan ng Kabisaan)

B. Bigyang-reaksiyon ang kasabihang, "Di bale nang magkang-uutang basta sa pista at binyagan, mga kaibigan at pamilya ay kasama sa kasiyahan." (Pagsasanib ng kaisipang Nabasa at mga Naranasan)

C. Gamit ang estratehiyang Dear Charo ay bigyan ng ibang bersiyon ang wakas ng akdang binasa. (Paglikha ng Sariling Kaisipan)

Rubrik sa Ibaba:

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume V, Issue IV
May 2024
Available online at https://www.instabrightgazette.com

| BATAYAN | Napakahusay 4 | Mahusay 3 | Di-gaanong Mahusay 2 | Nangangaila-ngan ng Pagpapabuti 1 |
|---|---|---|---|---|
| Nilalaman at Organisasyon ng mga Kaisipan o Mensahe | Lubos na naipahatid ang nilalaman o kaisipang nakabatay sa binasang akda | Naipahatid ang nilalaman o kaisipang nakabatay sa binasang akda | Di-gaanong naiparating ang nilalaman o kaisipang nakabatay sa binasang akda | Di naiparating ang nilalaman o kaisipang nakabatay sa binasang akda |
| Istilo/ Pagkama-likhain | Lubos na kinakitaan ng kasiningan sa paglalahad | Kinakitaan kasiningan sa paglalahad | Di-gaanong kasiningan sa paglalahad | Pag-ibayuhin ang kasiningan sa paglalahad |

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume V, Issue IV
May 2024
Available online at https://www.instabrightgazette.com

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Kawastuhan sa pagsulat | Lubos na nagpamalas ng kaalaman sa paggamit/pagbuo ng pangungusap, wastong gamit ng salita, bantas, atbp. | Nagpamalas ng kaalaman sa paggamit/pagbuo ng pangungusap, wastong gamit ng salita, bantas, atbp. | Di-gaanong nagpamalas ng kaalaman sa paggamit/pagbuo ng pangungusap, wastong gamit ng salita, bantas, atbp. | Pag-ibayuhin ang kaalaman sa paggamit/pagbuo ng pangungusap, wastong gamit ng salita, bantas, atbp. |

**Kaligiran ng Pag-aaral**

Alinsunod sa RA 10533 ang "Enhanced Basic Education Act of 2013" na sinususugan ng Regional Memorandum No. 11 s. 2015 at Regional Memorandum No. 233 s. 2016, ang pagtatakda sa paggamit ng 2C-2I-1R *(Constructivist, Collaborative, Inquiry-Based, Integrative* at *Reflective)* na mga dulog pampagtuturo ang naging pokus at interes ng mananaliksik.

Napansin ng mananaliksik na sa paggamit ang tradisyunal na paraan ng pagtuturo ay natuturuan ang kanyang mga estudyante hindi lamang sa larangan ng akademiko gayundin sa tamang pag-uugali. Sapagkat hindi lamang akademiko ang target na dapat makuha ng mga estudyante kundi nakapokus din ito sa tamang pag-uugali ng mga mag-aaral. Dahil dito mas

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume V, Issue IV
May 2024
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

napalalawak ang komunikatibong kakayahan ng mga mag-aaral. Gayunpaman, maaaring sa paraang ito ng pagtuturo nasusubaybayan ng guro ang kanyang mga estudyante ngunit may problema ring kalakip ang tradisyunal na paraan ng pagtuturo, sapagkat may pagkakataon na hindi na napapalawak ng guro ang kanyang mga talakayan dahil nakabase lamang ito sa nakalimbag na libro. Kung minsan ay nagkakaroon din ng magbabahagi ng maling impormasyon dahil hindi ganoon kaayos at wasto ang teksbuk na basehan sa pagtuturo ng isang guro.

Ang makabagong paraan ng pagtuturo o ang alternatibong pagtuturo ay ang mga paraan ng pagtuturong makabago sa ating nakasanayan na umuusbong sa ating panahon ngayon. Ito ay nag-uugat sa iba't ibang pilosopiya na nagtataglay ng pangunahing kaisipan na ibang-iba sa tradisyunal na paraan. Kadalasan ay nagkakaroon ng mga kaisipang politikal, pilosopikal, at akademikong kasanayan ang mga mag-aaral. Ang paraan ng pagtuturong ito ay nakapokus sa kung papaano tutuklasin ng mag-aaral ang kanyang kakayahan o angking galing na nakasubaybay lamang ang kanyang guro sa kanya. Sa panahon ngayon ay mayroong isang malaking pagbabago ang nagaganap sa dimensyon ng pagtuturo. Dahil na rin sa nasa makabagong panahon na tayo, naniniwala ang mga eksperto na ang mga mag-aaral sa panahon ngayon ay hindi na mababansagang mabagal o mahina sa pagkatuto.

Naisasakatuparan ng *Multiple Intelligence* ni Dr. Howard Gardner sa paraan ng pagtuturo sa mga mag-aaral na magpahalaga at magtamo ng kaparaanan para sa pagpapahayag ng kanilang mga saloobin, kuro-kuro at damdamin ganoon na rin sa mga ideyang mayroon sila batay

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume V, Issue IV**
**May 2024**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
****************************************************************************************************

sa kanilang mga nalalaman na naitulong ng teknolohiya. Lipas na ang panahon ng pagtuturo ng nakabatay sa mga teksbuk lamang. Ngayon ang simula ng pagtuturo ng mga guro ng ayon sa kaalaman nila na angkop sa makabagong panahong kanilang ginagalawan.

Napapaloob sa makabagong siyensa ang mga kaalaman at karanasang di-maibibigay ng tradisyunal na pagtuturo. Kung tutuusin ay mas makalalamang ang makabagong paraan ng pagtuturo sapagkat ang nilalaman nito ay makatotohanan at mas kaugnay sa realidad na nangyayari sa buhay. Sabi nga mula sa isang pag-aaral, ang paraan ng pagtuturo ay parang isang libro, ang tradisyunal na pagtuturo ang unang rebisyon at ang makabagong paraan naman ay ang pinakabagong rebisyon sa proseso ng pagkatuto ng mag-aaral.

Bilang pangkalahatan, ang pinakamahalaga ay ang pamamaraan ng pagtuturo ng guro at ang istilo ng pagkatuto ng mag-aaral na siyang tumutukoy sa kaparaanan nila ay mas higit na gusto ng mga mag-aaral para sa kanilang pag-aaral. Dahil sila ang nagkaroon ng pagkatuto sa anumang mabisang estratehiya na ginagamit ng guro.

Kaya naman, napili ng mananaliksik na pag-aralan ang integratibong dulog sa pagtuturo ng Filipino upang matukoy kung ito ay magiging batayan ng epektibong pagkatuto sa pagbasa at sa mga kasanayan sa pagsulat.

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto
****************************************************************************************************

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
ISSN: 2704-3010
Volume V, Issue IV
May 2024
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

**LAYUNIN NG PAG-AARAL**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong sagutin ang mga sumusunod na tanong: 1) ano ang pananaw ng mga tagasagot sa paggamit ng Integratibong Dulog sa Pagtuturo ayon sa Content-Based Instruction at Thematic Teaching; 2.) ano ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa pre-test at post-test ayon sa Pag-unawang Literal at Ganap gamit ang dulog integratibo ayon sa Content-Based Instruction at Thematic Teaching; 3.) ano ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa pre-test at post-test gamit ang dulog integratibong Content-Based Instruction at Thematic Teaching ayon sa a.) Pagkilatis sa Kahalagahan ng mga Kaisipan at Kabisaan; b.) Pagsasanib ng Kaisipang Nabasa at Naranasan; at c.) Paglikha ng Sariling Kaisipan; 4.) may makabuluhan bang pagkakaiba ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral ayon sa pre-test at sa post-test gamit ang dulog integratibo; 5.) may makabuluhan bang pagkakaiba ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral ayon sa pre-test at sa post-test batay sa Content-Based Instruction at Thematic Teaching; at 6.) may makabuluhang kaugnayan ba ang integratibong dulog sa pagtuturo sa antas ng pag-unawa sa pagbasa at kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral batay sa Content-Based Instruction at Thematic Teaching?

## METODOLOHIYA

Ginamit sa pananaliksik na ito ang deskriptib-eksperimental na metodo upang masubok, mailarawan at mapag-aralan ang *Content-Based Instruction* at *Thematic Teaching* ng integratibong dulog ng pagtuturo sa antas ng pag-unawa sa pagbasa at kasanayan sa pagsulat.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
ISSN: 2704-3010
Volume V, Issue IV
May 2024
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

[4] Ang deskriptibong pananaliksik o palarawang paglalahad ay tumutukoy sa katangian ng isang sitwasyong sinusuri/pinag-aaralan. Samantalang [5] ang eksperimental na pananaliksik ay pagmamanipula sa malayang baryabol sa kaugnay na baryabol at sinusuri ang epeketo sa isa o higit pang malayang baryabol. Samakatuwid, sa pananaliksik na ito ay inihanay at inilarawan, sinuri at binigyang patunay ang mga datos ng integratibong dulog sa antas ng pag-unawa at mga kasanayan sa pagsulat.

Ang proseso ng pananaliksik na ito ay nakatuon sa mas malalim na pagkuha ng impormasyon at mga datos. Ito ay kinapalolooban ng mga salik at interpretasyon o kahulugang may kaugnayan sa nais sagutin ng suliranin ng pag-aaral.

Ang naging tagasagot at sangkot sa pag-aaral ng pananaliksik na ito ay ang mga mag-aaral ng *Fernando Air Base Integrated National High School* Taong Panuruan 2019-2020 na may kabuuang bilang na 50.

Sa kasalukuyan, may labindalawang (12) pangkat ng mga mag-aaral sa Baitang 7 sa *Fernando Air Base Integrated National High School* na may kabuuang bilang na 457.

Upang makuha ng mga target na respondente ay ginamit ang *convenience* at *quota sampling.* Mula sa kabuuang bilang ay nagtakda ng target na bilang at kumuha ng saktong bilang ng mag-aaral kaya gumamit ng 50 mag-aaral na bumubuo sa 2 pangkat/seksyon.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume V, Issue IV**
**May 2024**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

**Pamamaraan ng Pangangalap ng Datos**

Ang mananaliksik ay naghanda ng liham na humihingi ng pahintulot sa dekano ng *Graduate Studies and Applied Research* sa tulong ng silid-aklatan ng unibersidad upang magsagawa ng pagbisita at pananaliksik sa ibang silid-aklatan gaya ng *Manuel S. Enverga University Foundations, Inc., Sacred Heart College* at iba pa.

Humingi rin ng pahintulot sa punongguro gayundin sa mga gurong tagapayo ng bawat mag-aaral upang magsagawa ng pag-aaral o pagtuturo sa dalawang (2) seksyon sa *Fernando Air Base Integrated National High School* upang magamit ang mga mag-aaral bilang respondente sa pag-aaral. Matapos mabalido ang talatanungan at banghay-aralin ay nagsagawa na ng pag-aaral. Ipinamahagi ang mga talatanungan at itinuro na ang apat (4) na aralin-2 mito at 2 maikling-kuwento.

Matapos ang mga ito, naisakatuparan ang pag-aaral na sa pamamagitan ng mga sumusunod na hakbang : (1) kinuha ang pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa *Content-Based* at *Thematic Teaching* ng integratibong dulog ng pagtuturo sa antas ng pag-unawa sa pagbasa at kasanayan sa pagsulat; (2)binigyan ng guro ang mga mag-aaral ng paunang pagsusulit (*pre-test*) upang matukoy ang antas ng pag-unawa at kasanayan sa pagbasa; (3) ginamitan ang talakayan ng integratibong dulog ang mga mag-aaral; (4) matapos gamitin ang integratibong pagtuturo ay binigyan naman ng panapos na pagsusulit (*post-test*) upang masuri ang epekto o resulta ng *Content-Based Instruction (6 T's),* at *Thematic Teaching.*

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan | **Associate Editor**: Andro M. Bautista
